

TUBERCULOSIS PREVENTION & CONTROL SERVICE (Chest Clinic)
SERBISYO SA PAGLABAN AT PAGKOKONTROL NG TUBERKULOSIS (CHEST CLINIC)

Instructions for Collecting Sputum for Tuberculosis (TB)

Mga Tagubilin Tungkol Sa Pagkolekta Ng Plema Para Sa Pagsusuri Ng Tuberkulosis (TB)

Kayo ay hinihinging magbigay ng tatlong halimbawa ng mga plema sa umaga. Para matulungan kayo sa pagkuha nito, narito ang tatlong maliit na lalagyang galapon at isang supot na plastik. Ang mga galapon ay may nakadikit na pangalan ninyo at may numerong “1”, “2”, “3”, para sa magkakasunod na araw. ***Ingatan po na, kahit kailan, huwag hahawakan ang loob ng galapon.***

Ulat: Importante po na ang ibibigay ninyong mga plema ay mula sa baga HINDI dura (tubig mula sa bibig) para sa pagsusuri.

Kung kayo ay may problema sa pagpapalabas ng plema, buksan ang gripo para sa mainit na tubig sa banyo hanggang ang banyo ay mapuno ng mainit na singaw ng tubig. (*Ingatan pong hindi babaha ng mainit na tubig at nang hindi kayo mapaso*). Isara ang pintuan at maupo sa loob ng banyo sa loob ng lima hanggang sampung minuto. Maaari rin kayong maligo ng mainit-init na tubig bago sikaping magpalabas ng plema. Ang paghinga ng malalim habang dinidiinan ang tagiliran ng dibdib kasunod ang pag-ubo ng malalim ay maaaring makatulong sa pagpapalabas ng plema.

Mga tagubilin:

1. **Bago kayo kumain o uminum ng anuman o magsipilyo ng ngipin o magmumug** pagkagising sa umaga, maglagay ng plema sa galapong namarkahan ng “1”. (Tiyaking hindi lang dura ang inyong inilabas).
2. Isulat ang petsa at oras ng pagkakolekta ng plema sa galapong may markang“1”.
3. **HIGPITAN PO ANG PAGKASARA NG GALAPON UPANG HINDI TUMULO.**
4. Ilagay ang galapon sa loob ng supot na plastik.
5. Ilagay ang supot na plastik na naglalaman ng galapong may plema sa loob ng reridayerytor, **hindi sa pagawaan ng hiyelo (freezer).**
6. Ulitin ang mga hakbang 1 hanggang 5 sa susunod pang 2 umaga at gamitin ang mga galapong (may markang “2”at “3”).
7. Ibalik ang mga halimbawang plema sa Chest/TB Clinic o Pathology Department (kung saang sinabing ibigay, sa **lalong madaling panahon**, pagkatapos makuha ang pinakahuling sampol. Ang mga sampol ay dapat palaging malamig at hindi nakabilad sa araw hanggang sa ang mga ito ay naibigay na sa ospital.

Ulat: Maaaring maghintay ng 3 may-trabahong araw bago ninyo malaman ang mga paunang resulta, at 6 hanggang 8 linggo upang makakuha ng mga kahuli-hulihang resulta sa pag-susuri. Sasabihin sa inyo ng mga nars ng klinika kung may anumang abnormalidad sa resulta.

Kung mayroon kayong mga katanungan tungkol sa pangongolekta ng mga sampol na ito, tawagan po ang klinika sa: